

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-21 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 07 HUNYO 1999, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG BARANGAY HAPPY VALLEY.

Mga Dumalo:

Pang. Punong Bayan Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.

KAPASYAHAN BLG. 042
Taong 1999

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA SANGGUNIANG PANTURISMO NG LALAWIGAN NG SILANGANG MINDORO NG SUPORTANG PINANSYAL PARA SA PAGPAPAGAWA NG 2 KILOMETRONG KALSADA MULA SA PAMBANSANG LANSANGAN SA SITYO BINTULAGAN, BARANGAY SAN RAFAEL PATUNGO SA BANTOG NA KUWEBANG NG SAN RAFAEL SA BAYANG ITO.

- SAPAGKA'T ang mga lansangan at mga daan ay isang mahalagang paktor tungo sa kaunlaran ng mga pamayanan una na rito ay sa pagsasagawa ng mga tunguhing pangkabuhayan ng mga mamamayan;
- SAPAGKA'T ang pamahalaang nasyonal at mga pamahalaang lokal ay naglalayong mapabuti at mapaunlad ang mga serbisyo sa mga mamamayan at ito ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sapat at pangmatagalang pinagkukunan ng pangtustos upang magkaroon at mapabuti ang mga pasilidad at istrukturang nagbibigay ng serbisyo sa mga mamamayan;
- SAPAGKA'T bukod sa regular na pinagkukunan ng pondong lokal ng pamahalaan tulad ng buwis sa mga ari-arian at mga renta at koleksyon sa mga pang-ekonomiyang pag-aari ng bayan, isa sa nakikitang mag-aakyat ng pondo sa pamahalang bayan ay ang turismo ng lugal na dito ay kabilang ang naggagandahan at makabagong beach resorts na pag-aari ng mga pribadong tao at ng pamahalaan gayundin ang hinahangaang kuweba ng San Rafael;
- SAPAGKA'T ang kuwebang ito ng San Rafael ay isa sa magagandang pook na maipagmamalaki ng bayan ng Roxas na tulad sa ibang mga kuweba sa Pilipinas ay lubhang kahanga-hanga ang kagandahan;

- SAPAGKA'T ang lugal na ito ay hindi pa gaanong dinarayo ng mga tao, unang-una ay dahil sa kawalan ng isang maayos na kalsada upang ang mga sasakyang pampubliko at pribado man ay makaabot sa lugal na ito;
- SAPAGKA'T nakikita ng mga namumuno at mga mamamayan ng Roxas ang isang potensyal na pang-akit sa mga turista, ang paglinang dito ay isinama sa planong pangkaunlaran ng bayan;
- SAPAGKA'T sa dahilang ang kalsada patungo rito ay isang pangunahing pangangailangan, pinagkaisahan ng mga namumuno na ito ay itukoy sa Sangguniang Panturismo ng lalawigan ng Silangang Mindoro para sa kinakailangang pondo sa pagpapagawa ng 2 kilometrong kalsada mula sa pambansang lansangan sa Sityo Bintulagan, Barangay San Rafael patungo sa kuweba ng San Rafael.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Cesar T. Baticos na sinang-ayunan ng lahat -


- IPINASYA, tulad ng pagpapsyang ito na mapitagang humiling sa Sangguniang Panturismo ng lalawigan ng Silangang Mindoro ng suportang pinansyal para sa pagpapagawa ng 2 kilometrong kalsada mula sa pambansang lansangan sa Sityo Bintulagan, San Rafael patungo sa kuweba ng San Rafael.
- IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Panturismo ng lalawigan ng Silangang Mindoro, Siyudad ng Calapan para sa naaayong pagpapasya sa kahilingang ito para sa kapakinabangan ng bayan at mga mamamayan ng Roxas, Silangang Mindoro.
- IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito sina Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia ng Silangang Mindoro, ang Kagalang-galang na Sangguniang Panlalawigan at ang Kgg. Manuel G. Andaya, Kinatawan ng Ikalawang Distrito ng lalawigan ito para sa kanilang kaalaman at suportang kinakailangan.

Pinagtibay ng lahat. 07 Hunyo 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Puhong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Puhong Bayan